## Mga Payo para sa Mga Pamilya:

# Paano Bubuo ng Mga Kakayahan sa Wika at Pagbabasa sa Tahanan

Palaging nakikinig, nanonood at natututo sa iyo ang iyong baby!
Ayon sa pananaliksik, natututo ng wika ang mga baby kapag marami silang naririnig na mga salita mula sa tagapag-alaga. Tinutulungan sila nitong matutong magbasa kapag nagsimula na silang pumasok sa paaralan. Mula pagkapanganak, kausapin, kantahan at magbahagi ng mga libro sa iyong anak. Tutulungan sila nitong lumaki na isang mambabasa.

## Tumugon sa mga tunog, ngiti at mga interes ng iyong anak

**Bakit?** Ang maraming "pagpapalitan" ng mga salita at aksyon sa iyong anak ay tutulungan siyang matuto ng wika.

**Subukan ito sa isang baby:** Kausapin, ngumiti at ituro ang mga bagay na tinitingnan ng iyong baby.
**Halimbawa:**
- Tumingin ang baby sa ilaw.
- Ituturo mo ito at sasabihing, "*Ilaw.*"
- Ngingiti ang baby.
- Ngingiti ka at sasabihing, "*Maliwanag na ilaw iyon!*"

**Subukan ito sa isang toddler o preschooler:** Magpakita ng interes at pag-usapan ang ginagawa ng iyong anak.
**Halimbawa:**
- Pupulitin ng bata ang dahon sa lupa.
- Ngingiti ka at sasabihin, "*Magandang pulang dahon.*"
- Sasabihin ng bata ang, "*Dahon*" at pupulot ng isa pa.
- Sabihin mo, "*Wow, dalawa na ang dahon mo.*" Ituturo mo ang bawat dahon at bibilangin. "*Isa. Dalawa. Dalawang dahon!*"

## Kumanta ng mga kanta at nursery rhyme

**Bakit?** Ang mga kanta at nursery rhymes ay karaniwang mabagal, at inuulit ang mga parehong salita at ritmo. Tinutulungan nito ang mga baby at bata na magtuon ng pansin sa mga tunog at salitang naririnig nila.

**Subukan ito:** Patuloy na kantahin ang parehong kanta sa iyong anak. Tingnan kung mapupunan nila ang ilang salita.
**Halimbawa:** Kumanta ng, "*Twinkle, twinkle little star*" Kahit na tumawa siya, gumawa ng tunog, o sabihin ang bahagi ng salita, ipinapakita nitong natututo sila!

## Umupo at mag-enjoy sa isang libro kasama ng iyong anak

**Bakit?** Ang magkasamang pagbabasa ng isang librong may larawan sa isang araw ay matutulungan ang iyong anak na marinig ang humigit-kumulang na 78,000 salita bawat taon. Napakaraming salita nito. Karamihan sa mga salitang ito ay maaaring bago sa iyong anak. Ang pakikinig ng maraming salita ay tumutulong sa bata na sabihin at maunawaan ang wika. Sa kalaunan, tinutulungan siya nitong magbasa nang mag-isa.

**Subukan ito:** Ang pag-eenjoy ng libro ay hindi lang pagbabasa!
- Hayaang hawakan ng iyong anak ang libro o kahit ilagay ito sa kanyang bibig.
- Ituro ang mga larawan at pag-usapan ang tungkol dito.

**Magtanong ng tulad ng:**
- "*Maaari mo bang ilipat ang pahina?*"
- "*Ipakita mo sa akin ang pulang slide.*"
- "*Ano ang gagawin mo kung pumunta ka sa liwasan at nagsimulang umulan, katulad ng sa libro?*"
- "*Bakit nagulat ang bata sa kuwento?*"

## Pag-usapan ang tungkol sa mga letra (kapag nag-edad na ang iyong anak ng apat)

**Bakit?** Sa edad na apat, nagsisimula ang mga bata na malaman na iba ang hitsura ng mga letra sa alpabeto sa mga nasa larawan, at may partikular na mga tunog ang mga ito. Tinutulungan nito ang bata na maghandang matutong magbasa.

**Subukan ito:** Ituro at sabihin ang mga letra at ang mga tunog na ginagawa ng mga ito. Magagawa mo ito kapag tumitingin ng mga libro, flyer, kahon o mga karatula.
**Halimbawa:**
- "*Ito ay M. Ang sabi nito ay mmmmmm, tulad ng mmmmmuffin!*"

Pakibisita ang www.childrensliteracy.ca para sa higit pang mga payo!

Canadian Children's Literacy Foundation
Fondation pour l'alphabétisation des enfants canadiens

## Mga tanong na posible mong tanungin:

# Paano Bubuo ng Mga Kakayahan sa Wika at Pagbabasa sa Tahanan

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **Bakit mahalaga ang mga kakayahan sa wika ng aking anak sa pagbabasa?** | Ang pagbuo ng mga kakayahan sa wika ay tinuturuan ang bata tungkol sa mga tunog at salita, at kung paano maaaring pagsamahin ang mga ito para gumawa ng mga pangungusap. Tinutulungan nito ang bata hindi lang matutunan kung paano magbabasa ng mga salita sa isang pahina, pero mauunawaan din kung ano ang binabasa nila. |
| **Ano ang pinakamagandang paraan para maihanda ko ang aking anak para matutong magbasa?** | Magsalita, kumanta at magbasa kasama ng iyong anak! Ayon sa pananaliksik, ang mga bata na madalas makakita o makarinig ng mga salita ay natututo ng mga kakayahan na tutulong sa kanilang maging handang magbasa sa paaralan. |
| **Paano ko pagbubutihin ang mga kakayahan sa wika at pagbabasa ng aking anak kung masyado akong abala?** | Mahirap maglaan ng ekstrang oras sa iyong araw. May mga nakakatulong na bagay na magagawa ka sa mga regular na pang-araw-araw na aktibidad.<br><br>**Halimbawa:**<br>Sabihin sa iyong baby kung ano ang ginagawa mo kapag binibihisan mo siya: "*Una, isusuot natin ang iyong diaper. Ngayon, isusuot natin ang iyong mga braso sa mga manggas mo.*"<br>Pag-usapan ang mga karatula at iba pang mga bagay na nakikita mo kapag naglalakad kayo o kapag nasa bus. "*Tingnan ang karatula sa paghinto. Pula ito. Ang mga letra ay puti.*"<br><br>Kumanta ng mga kanta at maglaro na ang pinag-uusapan ay tungkol sa mga bahagi ng katawan kapag pinapaliguan mo ang iyong anak. "*Heto ang ilong ko. Maaari mo bang ipakita sa akin ang iyong ilong?*" |
| **Hindi alam ng aking anak ang lahat ng kanyang letra. Dapat ba niyang malaman ang mga ito bago siya magsimulang pumasok sa paaralan?** | Hindi. Mas mahalagang natututo ang iyong anak ng mga kakayahan sa wika sa mga unang taon ng kanilang buhay. Ayon sa mga pananaliksik, ang mga batang nagsisimulang pumasok sa paaralan na napaka-kaunti ang alam na mga letra at tunog ay maaari pa ring matutong magbasa nang mabuti. Buuin ang kanilang mga kakayahan sa bokabularyo at siguruhing nakikipag-usap sila nang maayos sa tahanan bago sila magsimulang pumasok sa paaralan. |

Para sa higit pang impormasyon sa maagang karunungang magsalita at matuto ng wika, pakibisita ang Canadian Children's Literacy Foundation sa www.childrensliteracy.ca

Canadian Children's Literacy Foundation
Fondation pour l'alphabétisation des enfants canadiens